Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Tekstong Nagpapaliwanag**

**I. PANUTO:** Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

______ 1. Ito ay isang uri ng paglalahad na nagpapatibay sa sinasabi. Dahil dito, mas madaling mahikayat at mapaniwala ang nakikinig.

a. pag-uuri c. sanhi at bunga b. paghahambing d. pagbibigay halimbawa

______ 2. Ito ay isang pamamaraan ng pagpapahayag na ang pinakalayunin ay maglahad ng ideya o impormasyon.

a. pagtatanong c. paglalahad b. pangungutya d. pagkukumpara

______ 3. Ito ay isa sa pamamaraan ng mabisang paglalahad kung saan nagkakaroon ng malinaw na pagkukumpara.

a. paghahambing c. pagsasalita b. pagbabahagi d. pagtatanong

______ 4. Ginagamit ang pamamaraang ito kung ang nagsasalita ay naglalahad ng mga halimbawang kaugnay ng paksa.

a. sanhi at bunga b. pag-uuri c. pagbibigay halimbawa d. paghahambing

______ 5. Anong bantas ang madalas ginagamit sa pagpapahayag ng matinding damdamin?

a. tandang pananong b. tandang padamdam c. kuwit d. tuldok-kuwit

**II. PANUTO:** Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataon upang maging isang pinuno ng inyong barangay, ano-ano ang iyong magiging plataporma upang matugunan ang pangangailangang pangkalusugan ng iyong nasasakupan? Pumili ng pamamaraan sa paggawa ng plataporma:

**a. Paskin** **b. Tula** **c. *Jingle*** **d. *Slogan***

**Matapos mamili ng paraan sa pagsasagawa ng plataporma, sundin ang sumusunod na mga panuto:**

1. Mangalap ng sapat na impormasyon tungkol sa platapormang nais gawin.
2. Sumulat ng maikling tekstong nagpapaliwanag sa nais mangyaring plataporma.
3. Ibahagi ang nabuong gawain sa mga kasama sa bahay at kaibigan. Gamiting gabay ang talahanayan sa susunod na pahina upang higit na maunawaan ang kahingian ng gawain.

| Mga Pamantayan | Napakahusay (5 puntos) | Mahusay (3 puntos) | Katamtaman (2 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakalalim at makahulugan ang kabuoang nilalaman ng paskin/tula/liriko/slogan atmay kaugnayan sa paksa. | Malalim at makahuluganang kabuoang nilalaman ng paskin/tula/liriko/slogan atmay kaugnayan sa paksa. | Bahagyang may lalim ang kabuoang nilalaman ng paskin/tula/liriko/slogan at medyo malayo sa paksa. |
| Istilo | Gumamit ng simbolismoat pang-uri o pahiwatigna nakapagpaisip sa mga mambabasa. Piling-pili angmga salitang ginamit. | Gumamit ng ilangsimbolismo o pahiwatig atpang-uri na nakapagpaisipsa mga mambabasa. Mayilang piling mga salitangginamit. | Gumamit ng isa hanggang dalawang simbolismo atpang-uri na nakalito sa mga mambabasa. Ang mga salitaay di gaanong pinili. |
| Pananalita | Wasto ang gamit ng mgasalita. | May kaunting mga salita ang hindi wasto. | Mabibilang ang mga salitang hindi wasto. |